MAY 2023 ISSUE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus

## Imus at NHCP pinangunahan ang Pambansang Araw ng Watawat at Ika-125 Anibersaryo ng Labanan sa Alapan



IMUS, Cavite — Ginunita ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP) ang Pambansang Araw ng Watawat at ang Ika-125 Anibersaryo ng Labanan sa Alapan nitong Mayo 28, 2023 sa Dambana ng Pambansang Watawat ng Pilipinas (Imus Heritage Park) sa pamumuno ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Tagapangulo ng NHCP na si Dr. Emmanuel Franco Calairo.

*ipagpatuloy sa pahina 2*


### TOURISM & HERITAGE
| Page 1 & 2
* Imus at NHCP pinangunahan ang Pambansang Araw ng Watawat at Ika-125 Anibersaryo ng Labanan sa Alapan

### SPORTS
| Page 3 & 6
* Malagasang 1st, inuwi ang kampeonato sa 2023 Inter-barangay 1st
* First Congressman AJ Cup Inter-cluster Volleyball Tournament, inumpisahan na

### INFRASTRUCTURE
| Page 4
* Groundbreaking ceremony ng bagong Mcdo Bahay Bulilit sa Imus, isinagawa

### SOCIAL SERVICE & HEALTH
| Page 5, 7 & 8
* Handog na kiddie bikes sa 20 batang Imuseñong may kapansanan mula sa Sun Life
* Passport on Wheels muling umarangkada sa Imus
* Bagong barangay hall ng Malagasang I-F at Bucandala III, pinasinayaan
* Karagdagang pampublikong paaralan sa Imus, kinumusta ni Mayor AA
* Tulong medikal ng Imus LGU sa mga Imuseñong may kapansanan
* Alalay sa Komunidad: Libreng konsultasyon at permit para sa pagpapagawa ng bahay
* 4,140 Imuseño, nabigyan ng libreng atensyong medikal

*Mula sa Pahina 1*

Sa bating pambungad ni Mayor AA, nanawagan siya sa kaniyang mga kababayan na hikayatin ang bawat isa, higit ang mga kabataan, na pahalagahan ang kanilang pagkakakilanlan bilang Pilipino.

"Sa kabila ng paglipas ng panahon, ang pagpapahalaga sa kasaysayan at pagiging makabayan ay tila unti-unti nang nawawala sa ating mga puso, lalong-lalo na sa kabataan. Kaya naman po, tungkulin po natin bilang nakatatanda na buhayin ang diwa ng nasyonalismo sa kanila."

Binigyang-diin din niya ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sapat na pang-unawa tungkol sa mga isyu na kinakaharap ng bansa.

"Himukin natin sila [mga kabataan] na magkaroon ng kamalayan sa mga isyu ng ating bansa dahil mahalaga na manatili tayong mulat at mapagbantay sa pagprotekta sa ating pinaghirapang kalayaan at pinaglabanang demokrasya."

Sa naturang selebrasyon, pinangasiwaan ng Philippine Navy ang pagtataas ng watawat.
Habang pinangunahan ng panauhing pandangal, Senador Francis Tolentino, ang pag-aalay ng bulaklak sa monumento ni Inang Laya kasama sina Dr. Calairo, Mayor Advincula, at Kinatawan ng Ikatlong Distrito ng Cavite, Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula.

Nakiisa rin dito ang mga board member ng Ikatlong Distrito ng Cavite, mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus, sa pangunguna ni City Vice Mayor Homer Saquilayan, department heads, unit heads, at iba pang mga kawani ng lokal na pamahalaan ng Imus.

Sa talumpati nina Sen. Tolentino, Dr. Calairo, at Cong. AJ, iisa ang kanilang mensahe: ang gunitahin ang kabayanihan ng mga Himagsikang Pilipinong nagpalaya sa Pilipinas mula sa mga kamay ng mga mananakop na Kastila.

Inihayag din ni Mayor AA ang suporta ng lokal na pamahalaan para sa paglago ng turismo at pangangalaga sa kasaysayan.

"Makakaasa po kayo na ang Pamahalaang Lungsod ng Imus ay buong pusong susuporta at tutulong upang maisakatuparan ang iba't ibang plano sa ating turismo at kasaysayan. Pagpatuloy po natin ang mga nasimulan ng ating mga ninuno na nagsumikap tungo sa pagbabago upang makaambag sa ikauunlad ng Pilipinas, at dito po natin umpisahan sa pinakamamahal nating bayan, ang makasaysayang Imus."

Ang taunang paggunita ay nagbibigay-pugay sa kagitingan at katapangan ng mga Pilipinong nakipaglaban para sa kalayaan noong Mayo 28, 1989 sa Labanan sa Alapan. Sa makasaysayang kaganapang ito unang iwinagayway ang watawat ng Pilipinas, dahilan kung bakit tinawag na "Flag Capital of the Philippines" ang Imus.

Ang naturang araw ay panimulang pagdiriwang din ng Proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas sa pamamagitan ng National Flag Days na tumatagal hanggang Araw ng Kalayaan sa Hunyo 12, alinsunod sa Kautusang Ehekutibo Blg. 179, taong 1994.

Sa temang "Kalayaan. Kinabukasan. Kasaysayan," ipinagdiriwang ngayong taon ang Ika-125 Anibersaryo ng Proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas.






# Malagasang 1st, inuwi ang kampeonato sa 2023 Inter-barangay 1st AJAA Cup Softball Tournament

IMUS Grandstand and Track Oval — Sa pagtatapos ng 2023 Inter-barangay First AJAA Cup Softball Tournament, nasungkit ng Malagasang First ang kampeonato, at ginawaran sila ng Php100,000 matapos makapagtala ng 10 puntos sa loob ng pitong rounds kontra Buhay na Tubig noong Mayo 1, 2023.

Pumangalawa naman ang Buhay na Tubig na pinagkalooban ng Php75,000.

Ayon kay City Mayor Alex "AA" L. Advincula, ang ganda ng takbo at tagumpay ng naturang paligsahan ay umpisa pa lamang ng mga palarong ilulunsad pa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus.

Umabot naman sa walong rounds ang laban ng Tanzang Luma at Pasong Buaya I. Sa puntos na 2-0, nakatanggap ang Tanzang Luma ng Php50,000 na nasa ikatlong puwesto habang nakuha ng Pasong Buaya I ang Php25,000 na nasa ikaapat na puwesto.


Para sa indibidwal na parangal, hinirang bilang Season Most Valuable Player (MVP), Most Home Run, at Best Slugger si Jehans Coro ng Buhay na Tubig.

Iginawad naman kay Gil Roxas ng Malagasang First ang Finals MVP, kay Cedric Pasno ng Buhay na Tubig ang Best Hitter, kay Jomar Valderama ng Pasong Buaya I ang Best Pitcher, kay Nelson Silla ng Pasong Buaya I ang Most Stolen Base, at kay Lester Ballon ng Anabu I ang Golden Glove.

Nakilahok din sa softball ang Bayan Luma, Anabu I, Anabu II, Alapan I, Bucandala, at Pasong Buaya II.

Saksi rin sa finals sina Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula, City Vice Mayor Homer Saquilayan, Board Member Ony Cantimbuhan, at sina Konsehal Lloyd Jaro, Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Totie Ropeta, Konsehal Sherwin-Lares Comia, at Konsehal Atty. Wency Lara.

Tuloy-tuloy ang suportang ibinibigay ng administrasyong Advincula sa larangan ng sports para malinang pa ang kakayahan ng mga atletang Imuseño.



# Groundbreaking ceremony ng bagong Mcdo Bahay Bulilit sa Imus, isinagawa



ALAPAN I-A, Imus — Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang groundbreaking ceremony ng itatayong bagong Ronald McDonald Bahay Bulilit Learning Center sa Imus noong Mayo 5, 2023, sa pagtutulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng Ronald McDonald House Charities (RMHC) of the Philippines, Inc.

Bahagi rin nito ang mga kinatawan ng RMHC Philippines na sina Vice President Margot Torres at Executive Director Marie Angeles.

Dinaluhan din ito nina Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula, City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan, mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod, City Social Welfare and Development Office's Officer-in-charge Josephine G. Villanueva, Punong Barangay Jeffrey Aman, at mga kagawad ng Brgy. Alapan I-A.

Matatandaang nagbukas ang kauna-unahang Bahay Bulilit sa lungsod noong 2019 sa Brgy. Malagasang I-G.

Ang Bahay Bulilit ay isa sa mga programa ng RMHC Philippines na layong makatulong sa mga batang kabilang sa low-income families sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan.

Sa kasalukuyan, mayroon nang 38 Bahay Bulilit sa bansa, kabilang na ang naturang itinatayong day care center sa Imus.

# Handog na kiddie bikes sa 20 batang Imuseñong may kapansanan mula sa Sun Life



IMUS City Government Center — Sa pamamagitan ng mga bisikletang ipinagkaloob ng Sun Life Philippines sa Pamahalaang Lungsod ng Imus, naipamahagi ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang 20 kiddie bikes sa mga Imuseñong may kapansanan na nasa edad apat hanggang walo nitong Mayo 8, 2023.

Matatandaang matagumpay na idinaos sa lungsod ang pagbabalik ng Sun Life Cycle PH Fun Ride noong Abril 23, 2023.

Kaagapay rin sa naturang pamamahagi ang Persons with Disability Affairs Office.

Patuloy na nakikipagtulungan ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pribadong sektor para sa iba pang mga programang makatutulong sa mga Imuseño.

# Passport on Wheels muling umarangkada sa Imus

IMUS, Cavite — Sa pakikipagtulungan ng Imus Public Employment Service Office (PESO) sa Department of Foreign Affairs (DFA), muling dumalaw sa Imus ang Passport on Wheels noong Mayo 30 at 31, 2023 sa Robinsons Imus at sa The District Imus.



Sa tala 1,100 Imuseño ang naiproseso ang kanilang passport application at renewal nang hindi kinakailangang magpunta sa tanggapan ng DFA.

Bago ang aktuwal na pagkuha ng passport, una nang nagpasa ng dokumento ang mga Imuseño mula noong Abril 24 hanggang Mayo 17 sa Imus City Government Center.




# First Congressman AJ Cup Inter-cluster Volleyball Tournament, inumpisahan na

IMUS Sports Complex — Pormal nang binuksan ni Congressman Adrian Jay “AJ” Advincula ang First Congressman AJ Cup Inter-cluster Volleyball Tournament nitong Mayo 28, 2023, kaagapay ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pangunguna ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula.

Kalahok dito ang siyam na clusters sa Imus na binubuo ng 18 koponan at nahati sa Women’s Division at Men’s Division.

Sa kaniyang mensahe, ipinahayag ni Cong. AJ ang kaniyang hangarin na mabigyan ng pagkakataon ang mga kabataang Imuseñong manlalaro ng volleyball na maipakita ang kanilang galing sa pamamagitan ng mga liga tulad nito. Isinaad din niya ang kagustuhang mabuo ang magandang samahan sa pagitan ng mga atleta at mailayo ang mga kabataan mula sa masamang bisyo.

Ayon naman kay Mayor AA, ang naturang paligsahan ay maaari ding magbukas ng oportunidad sa mga manlalarong magpapamalas ng kanilang husay na makapag-aral nang libre sa kolehiyo. Dagdag pa ng alkalde na patuloy ang pagsuporta ng administrasyong Advincula sa larangan ng sports at maging sa pag-usbong ng mga atletang mag-uuwi ng karangalan sa Imus.

Bahagi rin ng opening ceremony sina Konsehal Lloyd Jaro, Konsehal Sherwin Comia, Konsehal Enzo Asistio, Sangguniang Kabataan Federation President Joshua Guinto, at Pastor Rommel de Leon.

Dumalo rin dito ang Officer-in-charge (OIC) ng Imus City Sports Development Unit na si Mr. Patrick Paulme at ang OIC ng Imus Youth Affairs Office na si Mr. Jericho Reyes na katuwang din sa nasabing paligsahan.

Sa pagsisimula ng mga laro, agad na nakapagtala ng unang panalo ang Cluster 1, 3, at 6 para sa Women’s Division at ang Cluster 2, 5, at 7 para sa Men’s Division.

Ang volleyball tournament ay ang ikalawang larong bahagi ng First Congressman AJ Cup Inter-cluster.



# 4,140 Imuseño, nabigyan ng libreng atensyong medikal

IMUS, Cavite — Tinatayang 4,140 Imuseño ang nabigyan ng libreng atensyong medikal sa pagtatapos ng Medical Mission na pinangunahan ng tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula noong Mayo 11, 2023.

Sa pag-iikot nito sa iba't ibang barangay, nakatanggap ng libreng konsultasyong medikal, laboratory procedures, x-ray, at gamot ang mga residente ng Cluster 5 hanggang 9 mula Mayo 2 – 11.

Matatandaang nagsimula ang nasabing Medical Mission noong Abril 18 sa SM Center Imus para sa mga residente ng Cluster 1. Sinundan ito ng pagbisita sa mga residente ng Cluster 2 hanggang Cluster 4.

Naging kaagapay rito ang Cavite Provincial Health Office, ang Imus City Health Office, Barangay Health Workers, at volunteers mula sa Imus Institute Batch '86 Born to Serve Inc.

Hangad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, kasama si Congressman AJ at ang Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite, ang maayos na kalusugan ng mamamayang Imuseño.

# Alalay sa Komunidad: Libreng konsultasyon at permit para sa pagpapagawa ng bahay




IMUS City Government Center — Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula at ng Office of the Building Official ang paglunsad sa programang "Alalay sa Komunidad: Libreng Konsulta sa Pagpapagawa ng Bahay at Pagkuha ng Building Permit" nitong Mayo 24, 2023.

Dito, ginawaran ang 49 na pamilya ng Building Permits para sa maayos at ligtas na pagpapagawa ng kanilang mga bahay.

Nais ng Pamahalaaang Lungsod ng Imus na maging daan ang programang ito upang mahikayat pa ang mga Imuseño na unahin ang kanilang kaligtasan sa pagpapagawa o pagpapaayos ng kanilang mga tahanan sa pamamagitan ng pagkuha ng tamang permit.




# Bagong barangay hall ng Malagasang I-F at Bucandala III, pinasinayaan

IMUS, Cavite – Sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, ginanap ang inagurasyon ng mga bagong barangay hall ng Malagasang I-F at Bucandala III nitong Mayo 23, 2023.

Dinaluhan ito ni City Vice Mayor Homer Saquilayan, mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod na sina Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Larry Nato, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Atty. Wency Lara, at Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan, Punong Barangay Randy Lara ng Malagasang I-F, Punong Barangay Amado Sarreal ng Bucandala III, at mga barangay kagawad.

Sa pamamagitan ng mga bago at modernong barangay hall, hiling ni Mayor AA na mapabuti pa ang pagseserbisyo sa mga Imuseño.



## Karagdagang pampublikong paaralan sa Imus, kinumusta ni Mayor AA

IMUS, Cavite — Ininspeksyon ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula at ng Ayala Group ang itinatayong bagong pampublikong paaralang pang-elementarya sa Brgy. Pasong Buaya I nitong Mayo 19, 2023.

Hangad ng alkalde na sa pamamagitan ng mga karagdagang silid-aralan ay maitaas pa ang kalidad ng edukasyon sa Imus.



## Tulong medikal ng Imus LGU sa mga Imuseñong may kapansanan

IMUS City Government Center — Katuwang ang Persons with Disability Affairs Office, natanggap ng 99 na mamamayang may kapansanan ang tulong medikal ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na pinangungunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula at ng tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula nitong Mayo 22, 2023.

Patuloy naman ang pagtutulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng Ikatlong Distrito ng Cavite para maihatid pa ang iba't ibang programa para sa mga Imuseño.

**EDITORIAL BOARD**

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Ron Diaz

**Photo Credits:**
City Information Office
CTDO

IMUS CIO CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center, Imus Boulevard, Malagasang I-G, City of Imus, Cavite